

# Bakuna para sa Hepatitis A

## Ano ang Dapat Mong Malaman

Many Vaccine Information Statements are available in Spanish and other languages. See [www.immunize.org/vis](http://www.immunize.org/vis).

Maraming mga Pahayag sa Impormasyon sa Bakuna na makukuha sa Espanyol at ibang mga wika. Tingnan ang [www.immunize.org/vis](http://www.immunize.org/vis).

### 1 Ano ang hepatitis A?

Ang Hepatitis A ay isang malalang sakit sa atay na dulot ng hepatitis A na virus (HAV). Ang HAV ay natatagpuan sa dumi ng mga taong may hepatitis A.

Karaniwan itong naihahawa sa pamamagitan ng malapitang personal na kontak at minsan sa pamamagitan ng pagkain o inumin na mayroong HAV. Madaling maihahawa ng taong may hepatitis A ang ibang tao sa parehong tahanan.

Maaring magdulot ang Hepatitis A ng:

- “tila-trangkasong” sakit
- jaundice (dilaw na balat o mata, madilim na kulay ng ihi)
- malalang mga pananakit sa tiyan at pagtatae (mga bata)

Ang mga taong may hepatitis A madalas ay kailangang maospital (hanggang sa tinatayang 1 tao sa 5).

Ang mga nakatatanda na may hepatitis A kadalasan ay malalala ang masamang pakiramdam upang magtrabaho nang hanggang 1 buwan.

Minsan, namamatay ang mga tao bilang resulta ng hepatitis A (tinatayang 3-6 pagkamatay kada 1,000 kaso).

Ang bakuna para sa hepatitis A ay maaaring makahadlang sa hepatitis A.

### 2 Sino ang dapat magpa-bakuna sa hepatitis A at kailan?

#### SINO?

*Ang ilang tao ay dapat palagiang mabakunahan ng bakunang hepatitis A:*

- Lahat ng mga bata sa pagitan ng kanilang una at ikalawang mga kaarawan (12 hanggang 23 buwan ng edad).
- Sinumang 1 taong gulang at mas matanda na nagbibiyahang o nagtatrabaho sa mga bansa na may mataas o intermediya na pagkakaroon ng hepatitis A, katulad ng mga nasa Central o South America, Mexico, Asya (maliban sa Japan), Africa, at eastern Europe. Para sa karagdagang impormasyon tingnan ang [www.cdc.gov/travel](http://www.cdc.gov/travel).
- Mga bata at mga nabibinata’t nagdadalaga na nasa edad na 2 hanggang 18 taong gulang na nakatira sa mga estado o mga komunidad kung saan ang karaniwang pagbabakuna ay pinatupad dahil sa mataas na insidente ng pagkakaroon ng sakit.
- Mga kalalaking nakikipagtalik sa mga kalalalahan.
- Mga taong gumagamit ng pangkalyeng droga.

- Mga taong may talamak na sakit sa atay.
- Mga taong ginamot na may clotting factor concentrates.
- Mga taong nagtatrabaho kasama ang mga may HAV na mga unggoy o nagtatrabaho sa mga laboratoryo ng pananaliksik sa HAV.
- Mga miyembro ng mga tahanan na nagbabalak na magampon ng bata, o nag-aalaga sa bagong dating na ampong bata, mula sa isang bansa kung saan karaniwan ang hepatitis A.

*Ang ibang mga tao ay maaaring magkatoon ng bakuna na hepatitis A sa ilang mga sitwasyon (tanungin ang doktor mo para sa higit pang mga detalye):*

- Mga hindi nabakunahang bata o mga nagbibinata’t nagdadalaga sa mga komunidad kung saan ang mga biglang paglitaw ng hepatitis A ay nagaganap.
- Mga hindi pa nabakunahang tao na nalantad sa hepatitis A na virus.
- Sinuman mula 1 taong gulang o mas matanda na nais ng proteksiyon mula sa hepatitis A.

Ang hepatitis A na bakuna ay hindi lisensiyado para sa mga bata na mas bata sa 1 taong gulang.

#### KAILAN?

**Para sa mga bata**, ang unang dosis ay dapat ibigay nang 12 hanggang 23 buwan ang edad. Ang mga batang hindi nabakunahan pag dating ng 2 taong gulang ay maaaring bakunahan sa mga kalaunang pagbisita.

**Para sa mga ibang nasa peligro**, ang serye ng hepatitis A na bakuna ay maaaring simulan kapag ang tao ay nais maprotektahan o nasa peligro ng impeksiyon.

**Para sa mga nagbibiyahang**, pinakamahusay na simulan ang serye ng pagbakuna nang hindi bababa sa isang buwan bago magbiyahe. (Ang ilang proteksiyon ay maaari pa ring magresulta kahit na ang bakuna ay ibinigay sa o malapit sa petsa ng pagbiyahe.)

Ang ilang tao na hindi makakakuha ng bakuna bago magbiyahe, o na ang bakuna ay maaaring hindi maging epektibo, ay maaaring kumuha ng iniksiyong tinatawag na immune globulin (IG). Ang IG ay nagbibigay ng agarang, pansamantalang proteksiyon.

Dalawang dosis ng bakuna ang kailangan para sa pangmatagalang proteksiyon. Ang mga dosis na ito ay dapat ibigay nang hindi bababa sa 6 na buwang pagitan.

Ang hepatitis A na bakuna ay maaaring ibigay kasabay ng ibang mga bakuna.



U.S. Department of  
Health and Human Services  
Centers for Disease  
Control and Prevention

**3****Ang ilang tao ay hindi dapat magpabakuna sa hepatitis A o dapat maghintay.**

- Sinumang may malalang (nakakamatay) na allergic na reaksiyon sa nakaraang dosis ng hepatitis A na bakuna ay hindi dapat kumuha ng isa pang dosis.
- Sinumang may malalang (nakamamatay) na allergy sa anumang bahagi ng bakuna ay hindi dapat magpabakuna. **Sabihin sa doktor mo kung mayroon kang anumang malalang mga allergy**, kasama ang malalang allergy sa latex. Lahat ng hepatitis A na bakuna ay naglalaman ng alum, at ang ilang hepatitis A na bakuna ay naglalaman ng 2-phenoxyethanol.
- Sinumang may katamtaman o malalang sakit sa oras na ang iniksiyon ay nakatakda ay dapat na maghintay hanggang gumaling sila. Tanungin ang inyong doktor. Ang mga taong may bahagyang sakit karaniwan ay maaaring magpabakuna.
- Sabihin sa doktor mo kung buntis ka. Dahil hindi pinagagana (pinapatay) ang hepatitis A na bakuna, ang peligro sa buntis na babae o sa di pa pinanganganak na sanggol ay pinaniniwalaang napakababa. Ngunit matitimbang ng doktor mo ang anumang teoryang peligro mula sa bakuna laban sa pangangailangan sa proteksiyon.

**4****Ano ang mga peligro mula sa hepatitis A na bakuna?**

Ang bakuna, katulad ng anumang gamot, ay maaring posibleng magdulot ng mga malalang problema, katulad ng malalang mga allergic na reaksiyon. Ang peligro na ang hepatitis A na bakuna ay magdulot ng malalang pinsala, o kamatayan, ay napakaliit.

Ang pagkakaroon ng hepatitis A na bakuna ay mas ligtas kaysa sa pagkakaroon ng sakit.

**Mga kaunting problema**

- pananakit kung saan binigay ang iniksiyon (*tinatayang 1 mula sa 2 adult, at hanggang 1 sa 6 na mga bata*)
- pananakit ng ulo (*tinatayang 1 mula sa 6 na mga adult at 1 sa 25 ng mga bata*)
- kawalan ng ganang kumain (*tinatayang 1 mula sa 12 mga bata*)
- kapaguran (*tinatayang 1 mula sa 14 na mga adult*)

Kung magaganap ang mga problemang ito, karaniwan silang nagtatagal ng 1 o 2 araw.

**Mga malalang problema**

- malalang allergic na reaksiyong, sa loob ng ilang minuto hanggang ilang oras makalipas ang iniksiyon (*napakabihira*).

**5****Paano kung may katamtaman o malalang reaksiyon?****Ano ang dapat kong hanapin?**

- Anumang hindi karaniwang kundisyon, katulad ng mataas na lagnat o hindi karaniwang asal. Maaring kasama sa mga senyales ng malalang allergic na reaksiyon ang hirap sa paghinga, pagkapaos o paghuni, pamamantal, pagkaputla, panghihina, matuling tibok ng puso o pagkahilo.

**Ano ang dapat kong gawin?**

- **Tumawag** agad ng doktor, o dalhin agad ang tao sa doktor.
- **Sabihin** sa iyong doktor kung ano ang nangyari, ang petsa at oras kung kailan ito naganap at kailan ibinigay ang bakuna.
- **Tanungin** ang iyong doktor, nars o kagawarang pangkalusugan na iulat ang reaksiyon sa pamamagitan ng pagsampa ng form na Sistema sa Pag-ulat ng Salungat na Kaganapan sa Pagbakuna (Vaccine Adverse Event Reporting System) (VAERS). O maaari mong ipadala ang ulat na ito sa pamamagitan ng web site ng VAERS sa [www.vaers.hhs.gov](http://www.vaers.hhs.gov), o sa pagtawag sa **1-800-822-7967**.

*Hindi nagbibigay ang VAERS ng medikal na payo.*

**6****Ang Pambansang Programa sa Pagbabayad sa Pinsala ng Pagbabakuna (The National Vaccine Injury Compensation Program)**

Ang National Vaccine Injury Compensation Program (VICP) ay nilikha noong 1986.

Ang mga taong naniniwala na maaaring napinsala sila ng bakuna ay maaaring matutunan ang tungkol sa programa at sa pagsampa ng hiling sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-338-2382 o pagbisita sa website ng VICP sa [www.hrsa.gov/vaccinecompensation](http://www.hrsa.gov/vaccinecompensation).

**7****Paano pa ako matututo?**

- Tanungin ang inyong doktor. Maibibigay nila sa iyo ang nakalalip sa pakete ng bakuna o makakapagmungkahi ng ibang mga pagkukunan ng impormasyon.
- Tawagan ang iyong lokal o estadong kagawaran ng kalusugan.
- Makipag-ugnayan sa Mga Sentro Para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention) (CDC):
  - Tumawag sa **1-800-232-4636 (1-800-CDC-INFO)** o
  - Bumisita sa website ng CDC sa [www.cdc.gov/vaccines](http://www.cdc.gov/vaccines)

Vaccine Information Statement (Interim)

**Hepatitis A Vaccine**

Tagalog

10/25/2011

42 U.S.C. § 300aa-26

Translation provided by the California Department of Public Health